Prologue

Pilit pinipigilan ni Alarice ang pagbagsak ng mga luhang umaapaw na sa mga mata niya. Iyon na ang araw na parehong inaabangan at kinatatakutan niyang dumating.

Simula pa lamang nang umuwi sila mula sa Amerika at permanenteng manirahan sa Pilipinas ang pamilya niya sampung taon na ang nakalilipas, sa murang edad ay naiplano na niya ang hinaharap niya. Mag-aaral siyang maigi at makapagtapos lamang ng kolehiyo ay muli siyang babalik doon at magtatrabaho sa kilalang hotel na dating pinagtatrabahuhan ng kanyang ama. Hindi niya naisama sa plano niya na umibig sa kaibigang napalapit nang husto sa kanya. Ngayon ay kailangan nilang maghiwalay ng kung ilang taon para bigyang katuparan ang mga plano niya.

Habang pinagmamasdan niya ang anyo ng nobyo ay tila gusto na niyang magbago ng isip. Maaari naman siyang mamasukan na lang sa kung saang hotel dito para hindi na nila kailangang magkalayo. Pero ayaw magpadaig ng isipan niya. Muli siyang napayakap nang mahigpit sa nobyo at isinubsob ang mukha sa dibdib nito.

"I'm going to miss you," mangiyak-ngiyak na sabi niya.

Bahagyang inilayo ng binata ang mukha niya sa dibdib nito at masuyo siyang tinitigan sa mga mata. "I know. Ako rin naman,

eh. I'll wait for you, Rice, you can count on that. Pagbalik mo we'll spend the rest of our lives together. Mawawalan ka ng oras para ma-miss ako," ani Brad na pinalalakas ang loob niya.

Wala siyang masasabi sa nobyo dahil sinusuportahan nito ang desisyon niyang mangibang-bansa kahit pa ang ibig sabihin niyon ay ang pagkakalayo nila. Nangako pa ito na mananatiling faithful sa kanya habang nasa malayo siya.

"Mag-uusap tayo everyday, ha?"

Natawa ito sa pakiusap niya. Ikinulong nito ang mukha niya sa mga palad nito at pinagdikit ang mga noo nila. "Rice, kung araw-araw tayong magtatawagan, payayamanin lang natin ang mga telephone companies. Don't you think it beats the purpose of working abroad?" Hinalikan siya nito sa labi. "Mag-cha-chat tayo palagi, okay? I'll send you an email sa bawat araw na hindi tayo makakapag-usap sa phone o kaya sa messenger." Binalingan nito ang kakambal niyang si Arn. "Pare, mabuti pa pumasok na kayo. Baka magbago pa ang isip ko, hindi ko na paalisin 'to."

Pero tila wala siyang narinig. Ayaw bumitiw ng mga braso niya sa pagkakayakap sa nobyo. Kinailangan pa nitong alisin iyon isa-isa. Hindi rin niya alintana na medyo pinagtitinginan na sila ng ibang mga pasahero at mga taong may inihahatid din doon.

"I love you." She kissed him once more. "Be good, okay? Pag nalaman kong may babae ka… Hmp! Makikita mo!" Inambaan pa niya ito ng suntok.

"Oo na!" nakangising sagot nito.

Binalingan naman niya ang nakababatang kapatid nitong si Bea, maging ang mga kaibigan nilang sina Belle at Lainey. "Kayo ha, dapat nasa akin ang loyalty n'yo. Pag may ginagawang anomalya itong lalaking ito, sabihin n'yo ha?" pananakot niya sa tatlo. Sa halip na sumagot ay ikinulong siya ng mga ito sa isang group hug. Naghiwa-hiwalay lang sila nang marinig na nagtatawanan ang dalawang lalaki sa likuran nila.

"Ano ba kayo! Para namang hindi na kayo magkikita ulit niyan," tatawa-tawang sabi ni Arn.

Hinila ni Brad ang kamay niya at muli siya nitong kinulong sa mga bisig at idinampi ang mga labi sa tuktok ng ulo niya. "I love you so much. You take care of yourself for me, okay?" bulong nito.

Hindi niya alam kung saan siya nakakuha ng lakas para lumayo rito. Bago sila tuluyang pumasok ng kapatid para mag-check in, matagal niyang pinagmasdan ang anyo ng nobyo. Gusto niyang sa tuwing pipikit siya ay malinaw na malinaw sa isip niya ang alaala ng mukha nito. Tears streamed down her cheeks as he lovingly pressed his lips to hers one last time.